# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 08, 2021, LUNES, IKA-09:16 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN STA. CRUZ, LAGUNA RELEASED NAME DATE 3.2.21 TIME

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECEIVED BY 02 MAR 2021 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 073-T2021**

**KAPASIYAHANG NAGPAPATIBAY NG PAGKILALA AT PAGKAKALOOB NG AKREDITASYON SA SAMAHANG EL REY SUBDIVISION HOMEOWNERS ASSOCIATION, INC. (FORMERLY SPERS, INC.) NG BARANGAY DUHAT SA BAYAN NG SANTA CRUZ LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** naghain ng isang kahilingan ang Samahang El Rey Subdivision Homeowners Asso. Inc. upang sila ay kilalanin at mabigyan ng akreditasyon bilang isang lehitimong samahan ng Pampamahalaan;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay nararapat upang patuloy na maging kabahagi at kabalikat ang nabanggit na samahan sa mga programa ng pangkabuhayan, pangkaunlaran at pangkapayapaan ng Pamahalaang Bayan;

**SAPAGKAT,** layunin ng ating Bayan na mabigyan ng tamang pagkilala at akreditasyon bilang isang samahan sa ating Bayan ng Santa Cruz Laguna.

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO,** sa pamamagitan ng mungkahi ng Kagalang-galang Alan T. Pamatmat (Tagapamuno ng Lupon sa Kautusan at Batas), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay:

**PINAGPASIYAHANG**: Kilalanin at Pagkalooban ng akreditasyon ang Samahang EL REY SUBDIVISION HOMEOWNERS ASSOCIATION, INC. (FORMERLY SPERS, INC.) ng Barangay Duhat, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal at El Rey Subdivision Homeowners Association, Inc., lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 08, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan